# Labis na Pagsinta ng Diyos



## WARM-UP

- Ilarawan ang isang tanawin o karanasan na labis na nakamangha sa iyo.
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na nahirapan kang tanggapin na may mali kang ginawa. Ano ang nangyari?
- Ano ang pinakamahalaga para sa iyo noong bata ka? Ano ang pinahahalagahan mo ngayon, at paano nagbago ang mga pagpapahalaga mo?

## WORD

[6]*Totoong itinakwil n'yo, PANGINOON, ang mga mamamayan ninyo, ang lahi ni Jacob, dahil naniniwala sila sa mga pamahiing mula sa silangan at sa mga manghuhula, gaya ng mga Filisteo. Sinusunod nila ang pag-uugali ng mga dayuhan.* [7]*Sagana sa pilak at ginto ang lupain ng Israel, at hindi nauubos ang kanilang kayamanan. Napakarami nilang kabayo, at hindi mabilang ang mga karwahe nila.* [8]*Marami silang diyos-diyosan, at sinasamba nila ang mga bagay na ito na sila mismo ang gumawa.* **ISAIAS 2:6–8**

(Basahin din ang **ISAIAS 2:18–21.**)

Sa pamamagitan ni Isaias, idineklara ng Diyos na ipapakita Niya kung nasaan ang Kanyang mga mamamayan at ang kanilang lantarang pagtatakwil sa Kanya. Hindi Niya ito ginawa dahil sa Siya ay makasarili o nagseselos. Kabaligtaran nito, ang nais Niya ay kung ano ang pinakamabuti para sa Kanyang mamamayan, at dahil dito, Siya ay nanibugho. Nais Niyang maunawaan ng mga Israelita na ang mga bagay na inuuna at pinahahalagahan nila ay walang halaga. Sa halip na maranasan ang buhay sa piling ng Diyos, nagtiwala sila sa mga diyos-diyosan na dala ng dayuhan, suportang militar, mahika, at mga pampasuwerte na nagmula sa ibang mga bansa—mga bagay na pamalit sa Diyos sa kanilang buhay, na kumuha ng kanilang pagtitiwala, oras, lakas, sigla, at pinagkukunan ng yaman. Bilang tugon dito, idineklara ng Diyos na aalisin Niya

ang mga pinagkakatiwalaan ng Kanyang mga mamamayan upang iligtas Niya sila, at ipakita na tanging Siya lamang ang dapat nilang lapitan. Ihahayag Niya ang mga pinagkakatiwalaan nilang diyos-diyosan upang ipakita kung sino Siya. Sa araw na ito, upang ipakita ang kaibahan ng mga bagay na maaaring pinagkakatiwalaan natin, titingnan natin kung sino ang Diyos at kung sino tayo sa Kanya.

## 1 Ang Diyos ay hindi nilikha.

*Hindi n'yo ba alam o hindi n'yo ba narinig na ang Panginoon ay walang hanggang Diyos na lumikha ng buong mundo? Hindi siya napapagod o nanghihina at walang nakakaarok ng kanyang isip.*

**ISAIAS 40:28**

Ang mga diyos-diyosan ay hindi laging mga estatwa o inukit na mga imahe. Ang mga ito ay anumang bagay na kumukuha sa lugar ng Diyos sa ating buhay. Para sa mga Israelita, nagtiwala sila sa militar na lakas ng mga dayuhan, sa pilak at ginto, at sa kanilang mga pinuno. Ang Diyos ay dakila, hindi tulad ng anumang bagay na maaaring pinagkakatiwalaan natin. Walang sinumang mas nakahihigit pa sa Kanya. Siya ay hindi nilikha, at hindi Siya umaasa sa anuman para sa Kanyang pag-iral. Dahil Siya ay nakahihigit sa lahat, Siya lamang ang may kapangyarihan at awtoridad upang magbigay ng pagpapala at pangtustos sa lahat ng ating mga pangangailangan. Makatitiyak tayo na ang Diyos ay may kapangyarihan na nangingibabaw sa buong mundo. Paano tayo makatutugon sa katotohanan na ang Diyos ang pinakamakapangyarihan at nananatiling tapat sa Kanyang kasunduan sa atin?

## 2 Ang Diyos ay walang hanggan.

*Ito pa ang sinasabi ng Kataas-taasang Diyos, ang Banal na Diyos na nabubuhay magpakailanman: "Nakatira ako sa mataas at banal na lugar, pero nakatira rin akong kasama ng mga taong mapagpakumbaba at nagsisisi, para sila'y palakasin ko."*

**ISAIAS 57:15**

Sa Kanyang dakilang lakas at kapangyarihan, kayang tanggalin ng Diyos ang anumang diyos-diyosang ginawa ng tao. Sinabi ni Isaias sa kanyang propesiya na, *tuluyan nang mawawala ang mga diyos-diyosan* (Isaias 2:18). Hindi tulad ng mga bagay

sa mundo kung saan nagtiwala ang mga tao, ang Diyos ay *nabubuhay magpakailanman*. Nakikita Niya ang lahat: nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Nangangahulugan ito na Siya lamang ang tunay na makagagabay sa atin. Nangangahulugan din ito na Siya ay lagi nating kasama. Wala tayong maaaring puntahan upang makapagtago sa Kanya. Sa Diyos, mararanasan natin ang tunay na paggabay at ang Kanyang walang hanggang presensiya. Ano ang isang bagay sa mundo na dati mong pinagkatiwalaan, na ngayon ay hindi na umiiral? Paano mo ito ihahambing sa Diyos?

## 3 Ang Diyos ay dakila.

*[20]Sa araw na iyon, itatapon nila sa mga daga at mga paniki ang mga rebulto nilang pilak at ginto na ginawa nila para sambahin. [21]Tatakas nga sila papunta sa mga kweba sa burol at sa malalaking bato para magtago sa galit ng PANGINOON at sa kanyang kapangyarihan kapag niyanig na niya ang mundo.*
**ISAIAS 2:20–21**

(Basahin din ang **ISAIAS 2:2–3, 5.**)

Si Isaias ay nagbigay ng isang malinaw na paglalarawan ng panliliit ng sangkatauhan sa harap ng dakilang presensya ng Panginoon. Sa Kanyang kadakilaan at kabanalan, makikita ng mga tao na ang anumang bagay na pinagkatiwalaan nila ay walang halaga. Ayaw ng Diyos na may iba tayong sinasamba (Exodus 34:14), at sa Kanyang pagmamahal, tatanggalin Niya ang anumang pinagkakatiwalaan natin upang ipakita sa atin kung ano ang tunay na mahalaga. Muli, sa kabila ng ating mga pagkukulang, Siya ay mananatiling tapat sa kasunduan Niya sa atin at iniimbitahan Niya tayo na lumapit at mamuhay sa katotohanang ibinigay ng Panginoon (Isaias 2:5). Dito natin mararanasan ang Kanyang kapangyarihan, patnubay, walang hanggang presensiya, at ang Kanyang banal na kadakilaan. Paano naging iba para sa iyo ang pamumuhay sa katotohanang ibinigay ng Panginoon? Paano nito binago ang buhay mo at ipinakita ang mga bagay tungkol sa iyo?

## APPLICATION

- Paano ka makakatugon sa dakila at masigasig na pagmamahal at paghila ng Diyos sa iyo upang mas mapalapit ka sa Kanya? Paano mababago ng Kanyang radikal na pagmamahal ang paraan mo ng pamumuhay?
- May ipinakita ba ang Diyos sa iyo na mga diyos-diyosan na maaaring pinanghahawakan mo? Ano ang handa kang gawin tungkol dito ngayon? Paano mo maipapahayag ang iyong pagtitiwala at pagsuko sa Diyos?
- Ano ang ilan sa mga aral na sa tingin mo ay ipinapakita sa iyo ng Diyos at paano nito maaapektuhan ang buhay mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggawa ng napakalaking kaibahan sa pagitan Niya at ng bagay na pinagkakatiwalaan natin. Ipanalangin na araw-araw mong maalala na tanging ang Diyos ang karapat-dapat na pagkatiwalaan.
- Hingin sa Diyos ang Kanyang biyaya at kalakasan upang talikuran ang mga diyos-diyosan sa buhay mo. Ipanalangin na Siya ang laging mauuna sa puso mo.
- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang ugnayan sa Kanyang mga mamamayan na batay sa isang kasunduan. Ipanalangin na patuloy kang lumago sa iyong ugnayan sa Kanya at na magagawa mong ipahayag ang Kanyang katotohanan sa iba.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph